# ANTIBIOTICS:
# TATLONG BAGAY ANG ITATANONG NINYO SA INYONG TAGAPAGBIGAY NG PANGKALUSUGANG PANGANGALAGA (HEALTH CARE PROVIDER)

## 1) Kailangan ko ba talaga ng antibiotics?

Ang antibiotics ay nilalabanan ang mga nakakahawang bakterya (bacterial infections), tulad ng strep sa lalamunan(strep throat), tosperina(whooping cough) at impeksiyon sa bantog(bladder infection). Nguni't hindi nito nilalabanan ang mga viruses - tulad ng sipon, trangkaso, o mga karaniwang mga sakit sa lalamunan o impeksiyon sa sinus. Itanong kung mayroon kayong bacterial infection.

## 2) Ano ang mga kapanganiban?

Ang mga antibiotics ay maaring sanhi ng hindi inaasam na mga side effects tulad ng pagtatae(diarrhea) at pagsusuka. At maaari ring mauwi sa "hindi paglaban ng antibiotic"("antibiotic resistance") - kung gumagamit kayo ng antibiotics nang hindi naman ninyo kailangan, hindi na ito tatalab kapag kakailanganin na ninyo ito sa kinabukasan.

## 3) Mayroon bang mas simple, at ligtas na mga mapagpipilian?

Ang pinakamagandang paraan sa paggagamot ng sipon, ubo o sakit sa lalamunan ay maraming likido at pahinga. Kausapin ninyo ang inyong tagapagbigay ng pangkalusugang pangangalaga tungkol sa mga ibang mapagpipilian.

**Pag-usapan kung ano ang inyong kailangan at kung ano ang hindi.**
**Para sa karagdagang kaalaman, bumisita sa www.choosingwiselycanada.org/antibiotics**

Choosing Wisely Canada™

THE COLLEGE OF FAMILY PHYSICIANS OF CANADA
LE COLLÈGE DES MÉDECINS DE FAMILLE DU CANADA